National Health Insurance ng Fukuyama City



Fukuyama City

Ano ang National Health Insurance?

Sa Japan, lahat ng tao ay kinakailangang sumali sa medical insurance.

Ang isang uri ng medical insurance ay ang National Health Insurance (NHI), at ang lahat ng mga sumusunod na taong nakatira sa Fukuyama City ay kinakailangang nakatala rito.

○Taong hindi nakasali sa health insurance ng kumpanya at iba pa

○Taong hindi nakasali sa medical care system for elderly in the latter stage of life

○Taong hindi tumatanggap ng welfare benefits

○Dayuhang mamamayan na pinahihintulutang manatili sa Japan nang mahigit sa tatlong buwan

*Gayunpaman, ang mga may status of residence na “designated activities” na nakikibahagi sa mga sumusunod na aktibidad ay hindi maaaring sumali.

• Taong may status of residence na ang layunin ay tumanggap ng medikal na serbisyo o magsilbing kasama ng taong iyon

• Taong ang kanilang aktibidad ay itinuturing na turismo, pagpapahinga, o iba pang katulad na aktibidad, pati na rin ang kanilang asawang kasama sa paglalakbay

Kung sasali ka sa NHI, magbabayad ka ng buwis para sa National Health Insurance (insurance tax), ngunit kapag bumisita ka sa institusyong medikal o iba pa, kailangan mo lang magbayad ng isang bahagi ng halaga sa counter.

Ang NHI ay isang sistema ng mutual aid kung saan ang lahat ng insured person ay nag-aambag ng pera. Sa panahon ng biglaang pangangailangan, ang NHI ang magbibigay-proteksyon sa iyong kalusugan.

“Abiso ng Impormasyon sa Kwalipikasyon” at “Sertipiko ng Kwalipikasyon”

Kapag sumali ka sa NHI, bibigyan ka ng isa sa mga sumusunod, depende kung mayroon kang My Number Health Insurance Card o wala. Pakisuyong ingatang mabuti ang mga dokumento na iyong matatanggap.

Bilang karagdagan, ang My Number Health Insurance Card ay isang My Number Card na nakarehistro para magamit bilang health insurance card.

• Taong may My Number Health Insurance Card: Abiso ng Impormasyon sa Kwalipikasyon

• Taong walang My Number Health Insurance Card: Sertipiko ng Kwalipikasyon

Hindi ka dapat magpahiram o manghiram ng Sertipiko ng Kwalipikasyon at iba pa o baguhin ang mga nilalaman nito.

Pagpapatingin sa isang institusyong medikal o iba pa

Kapag pupunta sa ospital o iba pang pasilidad, pakisuyong magparehistro sa counter gamit ang sumusunod na paraan.

• Taong may My Number Health Insurance Card: Ilagay ang iyong My Number Health Insurance Card sa card reader.

*Kung pupunta ka sa ospital o iba pang pasilidad sa loob ng humigit-kumulang isang linggo ng pagsali sa NHI, pakisuyong ipakita sa counter ng ospital o iba pang pasilidad ang iyong My Number Health Insurance Card at Abiso ng Impormasyon sa Kwalipikasyon.

• Taong walang My Number Health Insurance Card: Ipakita ang iyong Sertipiko ng Kwalipikasyon sa counter ng ospital o iba pa.

Mga benepisyo at iba pa na makukuha sa pamamagitan ng NHI

Sa NHI, kung ikaw ay nagkasakit o nasugatan at pumunta sa ospital, maaari kang tumanggap ng paggamot sa pamamagitan ng pagbabayad lamang ng isang bahagi ng mga gastusing medikal kung ipapakita mo ang iyong My Number Health Insurance Card o Sertipiko ng Kwalipikasyon sa counter.

Rate ng copayment (sasaguting bayad)

<table>
<tr><th colspan="2">Ang itinalagang insured person</th><th>Rate ng babayaran</th></tr>
<tr><td colspan="2">Taong wala pa sa edad ng compulsory education</td><td>20%</td></tr>
<tr><td colspan="2">Taong nakapasok na sa compulsory education at wala pang 70 taong gulang</td><td>30%</td></tr>
<tr><td rowspan="3">Taong may edad na 70 pataas hanggang 75 taong gulang
(Mga tumatanggap na matatanda)*</td><td>May kita na kahalintulad ng mga nagtatrabaho</td><td>30%</td></tr>
<tr><td>Pangkaraniwan</td><td>20%</td></tr>
<tr><td>Mga mababa ang kita</td><td>20%</td></tr>
</table>

*Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga klasipikasyon ng kita para sa mga tumatanggap na matatanda, pakisuyong makipag-ugnayan sa National Health Insurance and Pension Division.

(Halimbawa) Kapag ang gastos sa pagpapagamot ay umabot sa 5,000 yen (kung ikaw ang sasagot sa 30% ng gastos)

Sagot ng lungsod: 3,500 yen	Ang iyong bayad: 1,500 yen

- Bayad sa pagkain habang nakaospital

  Sasagutin ng insured person ang karaniwang halaga ng bawat pagkain.
- Probisyon ng medikal na gastusin

  Kung nagbayad ka sa sarili mo ng buong halaga ng mga gastusing medikal dahil sa biglaang pagkakasakit o pagkakasakit sa paglalakbay at wala kang My Number Health Insurance Card o Sertipiko ng Kwalipikasyon, maaaring maibalik sa iyo ang halagang binayaran, maliban sa halaga ng copayment (sasaguting bayad).
- Probisyon ng malaking halaga sa medikal na gastusin

  Kung ang iyong buwanang copayment (sasaguting bayad) ay lumampas sa limitasyon ng sariling gastos, ang labis na halagang binayaran ay ibabalik sa iyo.
- Probisyon ng lump-sum allowance sa panganganak at pangangalaga sa bata

  May probisyon kapag nanganak ang isang insured person.
- Probisyon ng gastusin sa pagpapalibing


  Kapag namatay ang insured person, ibibigay ang probisyon sa taong nagsasagawa ng pagpapalibing.
- Probisyon ng gastusin sa transportasyon

  Ito ay binibigay na probisyon kapag inaprubahan ng doktor ang pagpapaospital o paglipat ng isang taong may malubhang karamdaman at inaprubahan ito ng NHI.

Tungkol sa insurance tax

Ang insurance tax ay isang mahalagang pinagmumulan ng pondo para sa pagbabayad ng gastusing medikal at iba pa, ng lahat ng miyembrong nakasali sa NHI, at tinataya kada fiscal year para sa bawat sambahayan, batay sa kita noong nakaraang taon. Ang responsibilidad na magbayad ng insurance tax ay sa pinuno ng sambahayan na nakalista sa Sertipiko ng Paninirahan.

Ang insurance tax ay nahahati sa “bahagi para sa medikal,” “bahagi para sa suporta,” “bahagi para sa nursing care,” at “bahagi para sa bata o pagpapalaki ng bata” ayon sa layunin ng paggamit, at ang bawat isa ay kinakalkula ayon sa kabuuan ng “bahaging buwis na batay sa kinikita,” “pantay na halagang ipinapataw sa bawat tao,” at “pantay na halagang ipinapataw sa bawat sambahayan.” Ang “bahaging para sa medikal” at “bahagi para sa suporta,” ay binabayaran ng lahat, ngunit ang “bahagi para sa nursing care” ay binabayaran lamang ng taong may edad na 40 pataas at wala pang 65 taong gulang, at ang pantay na halagang ipinapataw sa bawat tao ng “bahagi para sa bata o pagpapalaki ng bata” ay binabayaran lamang ng taong may edad na 18 pataas.



Ang insurance tax ay ipinapataw mula sa buwan kung kailan ka naging kwalipikado para sa NHI, tulad ng paglipat mo o pagkawala ng iyong kwalipikasyon sa social insurance, hindi mula sa buwan kung kailan ka nagproseso ng pagsali sa NHI. Bilang karagdagan, kung huminto ka sa pagsali sa NHI sa kalagitnaan ng fiscal year dahil sa pagsali sa health insurance sa iyong lugar ng trabaho, at iba pa, ikaw ay bubuwisan sa buwanang kalkulasyon hanggang sa buwan bago ka huminto sa pagsali sa NHI.

Ang buong halagang ibinayad sa insurance tax ay maaaring isama sa social insurance deduction kapag nagdeklara ng income tax at buwis sa lungsod o prefecture.

Tungkol sa deklarasyon ng kita

Ang insurance tax ay kinakalkula batay sa kita ng nakaraang taon. Kaya naman, kailangan mong ideklara kung magkano ang kita mo sa nakaraang taon.

Sa iyong unang taon ng pagdating sa Japan, kailangang ikaw mismo ang magdeklara nito. Hangga't maaari, pakisuyong ideklara ito kapag nagproseso ng pagsali sa NHI. Kung hindi ka pa nakakapagdeklara, ipadala ang tax return sa pamamagitan ng koreo sa adres sa iyong Sertipiko ng Paninirahan o sa itinalagang adres ng pagpapadalhan. Para sa taong nakatanggap ng tax return, pakisuyong tiyakin na ideklara ito.

Kung nagtatrabaho ka sa isang kumpanya at nakatanggap ka ng suweldo sa nakaraang taon, ang iyong kumpanya ang magdedeklara ng iyong tax return sa city hall, kaya sa prinsipyo ay hindi mo kailangang ideklara ito nang ikaw mismo. Gayunpaman, kahit na ikaw ay nagtatrabaho, kung ang iyong kumpanya ay hindi nagdeklara ng iyong kita sa city hall, kailangan mong ideklara ito nang ikaw mismo.

Kung hindi mo ideklara ito dahil wala kang kita para sa nakaraang taon o hindi mo alam ang iyong kita para sa nakaraang taon, magiging disbentaha ito para sa iyo, dahil hindi ka makatanggap ng bawas sa insurance tax at iba pa. Pakisuyong siguraduhing ideklara ito.

Insurance tax mula sa ikalawang taon pagkatapos sumali sa NHI

Sa iyong unang taon ng pagdating sa Japan, mababayaran mo ang pinakamababang rate ng insurance tax sa pamamagitan ng pagdedeklara, dahil wala kang kita sa Japan noong nakaraang taon.

Gayunpaman, kung magtrabaho ka sa isang kumpanya at tumaas ang iyong kita sa Japan, tataas ang iyong insurance tax mula sa ikalawang taon, dahil ito ay kakalkulahin batay sa iyong kita.



Paraan ng pagbabayad ng insurance tax

Kapag sumali ka sa NHI, isang abiso sa pagbabayad ng buwis (payment slip) ang ipapadala sa pinuno ng sambahayan kung saan ka nakatira.

Kapag natanggap mo ang payment slip, pakisuyong magbayad hanggang sa itinakdang petsa.

*Mula sa susunod na fiscal year, isang abiso sa pagbabayad ng buwis (payment slip) para sa buong taon ay ipapadala sa kalagitnaan ng Hulyo bawat taon.

Ang mga insurance tax ay binabayaran nang 8 beses na installment mula Hulyo hanggang Pebrero ng susunod na taon.



Ang mga paraan ng pagbabayad ay ang sumusunod na (1) at (2).

(1) Magbayad gamit ang payment slip na natanggap mula sa Fukuyama City

①Magbayad gamit ang cash

Nakasulat sa payment slip kung hanggang kailan ang pagbabayad.

Pakisuyong magbayad hanggang sa petsang iyon sa bangko, post office, convenience store, o city hall.

②Magbayad gamit ang pagbabayad sa smartphone

Maaari kang magbayad kung mayroon kang app sa pagbabayad sa iyong smartphone. Kailangan mo ang barcode sa payment slip na iyong natanggap.

<Mga app na magagamit>

PayPay　PayB　au PAY　FamiPay

(2) Direct debit (awtomatikong pagbabayad mula sa account sa banko o post office)

Kailangan mong mag-apply para sa direct debit. Para sa taong mag-a-apply, pakisuyong dalhin ang cash card at ID (My Number Card, Residence Card, atbp.) sa city hall para sa proseso.

<Mga bangko na maaaring magparehistro gamit ang cash card>

Hiroshima Bank, Chugoku Bank, Momiji Bank, JAPAN POST BANK, Fukuyama City Agricultural Cooperative, Mizuho Bank, MUFG Bank, Shimanami Shinkin Bank, Yamaguchi Bank, Iyo Bank, Ehime Bank, Hiroshima Shinkin Bank, Chugoku Rokin Bank

Ano ang mangyayari kung hindi nagbabayad ng insurance tax?

Kung mahirap magbayad hanggang sa itinakdang petsa, ang pagbabayad ay maaaring gawin nang installment sa aplikasyon ng pinuno ng sambahayan. Pakisuyong kumonsulta at huwag pabayaang hindi ito nababayaran.

Kapag walang bayad o konsultasyon, ganito ang sumusunod na mangyayari.

- Makakatanggap ka ng demand letter. Pakisuyong magbayad hanggang sa itinakdang petsa na nakasulat sa demand letter.
- Lalaki ang babayaran (magkakaroon ng mga late fee).
- Magpapadala sa iyo ng paalala, bisitahin ang iyong tahanan, o tawagan ka para gabayan ka sa pagbabayad.
- Ikaw ang magbabayad ng lahat ng gastusin sa ospital at botika.
- Ibabawas ng lunsod ang iyong sahod at ang pera sa iyong bangko upang gawing pambayad sa insurance tax.

Pagbabawas o pagpapaluwag ng insurance tax

Kung may mga espesyal na dahilan, maaari mong samantalahin ang sistema ng pagbabawas o pagpapaluwag ng insurance tax. Para sa karagdagang impormasyon, pakisuyong makipag-ugnayan sa National Health Insurance and Pension Division.

- Sistema ng pagbabawas ng insurance tax

  Ang mga nakaplanong manganak pagkatapos ng 85 araw (4 na buwan) ng pagbubuntis o nanganak na, o ang mga nawalan ng trabaho dahil sa hindi sinasadyang mga kadahilanan tulad ng pagkalugi ng negosyo, pagkatanggal sa trabaho, o pagtatapos ng kontrata sa trabaho, ay maaaring magkaroon ng pagbabawas sa insurance tax sa pamamagitan ng pagdedeklara.

- Sistema ng pagpapaluwag sa insurance tax

  Kapag ang insured person ng NHI ay nakaranas ng pinsala dahil sa isang sakuna at iba pa, kung natigil ang kanyang negosyo, o nagkaroon ng pangmatagalang pagka-ospital, may nakahandang sistema para sa pagpapaluwag ng insurance tax. (May ilang itinakdang kundisyon, gaya ng kabuuang halaga ng kita ng sambahayan at iba pa.)

Kapag sumali ka sa isang health insurance ng kumpanya at iba pa

Kung nakasali ka sa health insurance sa pamamagitan ng kumpanya at iba pa, kakailanganin mong dumaan sa proseso ng pagkansela ng iyong NHI.

Pakisuyong ihanda ang mga sumusunod na bagay at iproseso ito sa National Health Insurance and Pension Division o branch office, sub-office, at sub-division.

<Mga bagay na kailangan>

- Impormasyon sa health insurance ng kumpanya at iba pa para sa kumpirmasyon (pangalan ng insured person, petsa ng kwalipikasyon, numero ng code ng insured person, nagkakaloob ng insurance)
  Halimbawa, “Sertipiko ng Kwalipikasyon” o “Abiso ng Impormasyon sa Kwalipikasyon” o iba pa
- DW sa NHI (para lamang sa taong nabigyan)
  (Pakisuyong ikaw mismo ang magtapon ng Abiso ng Impormasyon sa Kwalipikasyon.)
- Mga dokumento ng pagkakakilanlan para sa taong pupunta sa counter
  (maaari ring iproseso ng kinatawan)

Kapag lilipat ng tirahan sa ibang lungsod o bansa

Kapag lilipat ng tirahan sa ibang lungsod o bansa, kailangan mong isauli ang iyong Sertipiko ng Kwalipikasyon at magpa-ayos ng bayaran para sa insurance tax.

Muling kakalkulahin ang halaga ng kinakailangang buwis at mag-iisyu ng payment slip. Magbayad hanggang sa itinakdang deadline.

- Kung sobra ang binayad mong insurance tax, pakisuyong magsumite ng form sa paghiling ng refund. Ang labis na bayad ay ibabalik sa tinukoy na account.
- Kapag lilipat ng tirahan sa ibang lungsod o bansa sa buwan ng Mayo o Hunyo, o sa iba pang pagkakataon na hindi pa natitiyak ang halaga ng buwis, hindi namin maibibigay ang iyong payment slip. Padadalhan ka ng abiso sa pagbabayad ng buwis (payment slip), kaya pakisuyong magsumite ng abiso ng kahaliling adres ng pagpapadalhan. Ipapadala ito sa tinukoy na lokasyon (taong nasa Japan na mamamahala sa iyong mga bagay sa buwis).

Pakikipag-ugnayan

National Health Insurance and Pension Division	Tungkol sa kwalipikasyon at deklarasyon 084-928-1055 Tungkol sa benepisyo 084-928-1054 Tungkol sa pagbabayad 084-928-1157		
Matsunaga Citizens Service Division	930-0402	Hokubu Citizens Service Division	976-8802
Tobu Citizens Service Division	940-2576	Kannabe Citizens Service Division	962-5011
Numakuma Branch	980-7703	Shinichi Branch	0847-52-5514
Tomo Branch	982-2660	Utsumi Branch	986-3111
Ashida Branch	958-2511	Kamo Branch	972-3111
Uchiura Sub-office	986-3912	Yamano Sub-office	974-2001
Minomi Sub-division	956-1011	Kumano Sub-division	959-1236